**Dalawa Lamang ang Direksyon, Dalawa Lamang ang Destinasyon, Dalawa Lamang ang Desisyon**

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
*May 23, 2020*

Ang direksyon ay ang linya o tinutungo ng isang bagay. Samantalang ang destinasyon ay patutunguhan, at ang desisyon ay isang konklusyon o resolusyon na nakakamit matapos isaalang-alang ang isang pagsusuri.
Makararating tayo sa tamang destinasyon kung tama ang ating direksyon at desisyong gagawin sa buhay.

**Buhay o Kamatayan (Deut. 30:15-16)**
Marami tayong desisyong ginagawa araw-araw, mabuti man o hindi, malaki man o maliit. Kadalasan, ang mga ito ay may malaking epekto sa ating buhay. Mahalaga ang pagkakaroon ng tamang desisyon dahil ito ay nagdadala ng biyaya o kamatayan. May kapangyarihan tayong pumili; piliin natin ang nakaayon sa kalooban ng Diyos. (Awit 119:105).
**Mahahalagang pagpipilian sa ating buhay:**

1. **Dalawang Panginoon**
   - May dalawang panginoon**,** Diyos o kayamanan at hindi natin parehong mapaglilingkuran (Mateo.6:24).

   - Ang mga materyal na bagay ay mga pansamantalang kayamanan na ibinibigay ng mundo.
   - Hindi mananahan ang Espiritu Santo sa atin kung may iba tayong pinagsisilbihan.
   - Hindi tayo dapat nag-aalala tungkol sa pagkain at damit (Mateo 6:25). SIYA ay makapangyarihan, alam Niya ang ating mga pangangailangan; pangako Niya hindi tayo pababayaan.

2. **Dalawang Daan: Makitid o Maluwag (Mateo:13-14)**

   - Pupunta tayo sa dalawang destinasyon: langit (makitid na daan) o empiyerno (maluwag na daan).
   - Ang maluwang na kalye ay maraming nagdadaan na kung saan maraming kumikinang na materyal na mga bagay.
   - Bihira lamang ang dumadaan sa makitid na daanan dahil ito ay makipot at mahabang paikot-ikot. Ngunit, ang daang ito ay patungo sa buhay na walang hanggan.
   - Hindi pwedeng maglakad nang sakang ang Kristiyano. Hindi tayo pwedeng sumunod sa dalawang pamantayan.

3. **Dalawang Pundasyon (Mateo7:24-27)**

   - May dalawang pundasyon: bato o buhanginan
   - Matalino tayo kung nakikinig at namumuhay ayon sa salita ng Diyos (Santiago 1:22). Magtatayo tayo ng bahay sa ibabaw ng bato at kung dadating ang malakas na bagyo hindi ito magigiba dahil malalim ang ating pundasyon.
   - Samantalang, ang taong hangal ay nagtayo ng bahay sa buhanginan; umulan nang malakas, bumaha, binayo nang malakas na hangin ang bahay at ito'y lubusang nawasak. Ang mga taong ito ay makasarili; madaling matakot at nagsisilbi lamang ayon sa kanilang kaginhawaan.

4. **Bunga ng mga sinasabi: buhay o kamatayan**

   - Ang buhay at kamatayan ay sa dila nakasalalay (Mga Kawikaan 18:21).
   - Mangyari sa iyo ang ayon sa iyong paniniwala (Mateo 9: 29).
   - hindi siya nag-aalinlangan kundi nanalig na mangyayari ang sinabi niya , ito'y gagawin ng Diyos para sa kanya (Marcos 11:22).
   - Bantayan ang mga lumalabas sa ating bibig dahil ang mga ito ay nagdadala ng buhay o kamatayan. Kayat, magdasal, magpuri, maniwala at ito'y mangyayari.

5. **Positibo o Negatibong Paniniwala** (Mga Bilang 13:25-33)

   - Sa kabila ng kasaganaang nakita ng mga tiktik, negatibo ang ulat na ibinigay sa mga Israelita . Samantala, sinalungat ito ni Caleb at sinabing kayang-kaya nilang malupig ang

mga higanteng nakatira doon (Mga Bilang 13:30).
- Maniwala tayo sa mga pangako ng Diyos; huwag tayong maniwala sa mga negatibong naririnig natin dahil ang Panginoon ay tapat at handang tumulong.

6. **Espiritu o Laman**

- Magpuyat kayo at manalangin upang huwag kayong madaig ng tukso. Ang espiritu'y nakahanda ngunit mahina ang laman (Mateo 26: 41).
- Hindi natukso si Jose sa pagsusumamo ng asawa ni Potifar (Genesis 39:10).

7. **Maglingkod o hindi maglingkod**

- Ngunit ako at aking angkan ay kay Yaweh lamang maglilingkod (Josue 24:15)
- Sa biyaya ng Panginoon gumawa ng desisyong sumunod at magsilbi sa Kanya. Huwag bibitaw maski anong mangyari.

**Ang mga pasya natin ngayon ay magtuturo ng bukas natin. Ang buhay mo bukas ay resulta ng mga desisyon mo ngayon.**

**Transcriber/Writer: Sis. Nida A. Cruz**
**Editor: Sis Vera I. Tuplano**
**Printing Sponsor:**